

## **ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN: Akses sa Aborsiyon para sa mga Imigrante**

*Isinapanahon noong Set 22, 2022*

Ang bawat isa ay nararapat sa pagkontrol ng kanilang mga katawan at ng kanilang mga kinabukasan, anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon. Sa maraming estado, ang aborsiyon ay namamalaging legal para sa lahat, pero ang mga hadlang ay namamalagi at ang pag-alam kung paano kumuha ng pangangalaga ay maaaring nakakalito at nakakabahala, lalo na sa mga taong hindi dokumentado at ibang mga hindi mamamayan ng U.S. Ang tagatulong na ito ay tumutugon sa mga inaalalang ispesipiko sa imigrante at nagkakaloob ng impormasyon tungkol sa kung paano makakakuha ng mga aborsiyon. Kung ikaw ay nag-aaplay para sa benepisyong kaugnay ng imigrasyon o may mga tanong tungkol sa iyong katayuan, dapat kang makipag-usap sa isang kuwalipikadong abugado sa imigrasyon.

- **Kung ang aborsiyon ay legal sa aking estado, makakakuha ba ako nito kahit ako ay hindi dokumentado?** Sa mga estado kung saan ang mga aborsiyon ay legal, ang mga hindi dokumentadong imigrante ay maaaring tumanggap ng mga aborsiyon, at hindi diskuwalipikado batay sa katayuan sa imigrasyon. Bagaman ang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring magtanong tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon kung gusto mong mag-aplay para sa mga partikular na programang tulad ng Medicaid, hindi sila mag-aatas sa iyo na ibahagi ang iyong katayuan upang tumanggap ng aborsiyon.
- **Kung sumailalim ako sa aborsiyon, makakaapekto ba ito sa aking katayuan sa imigrasyon o sa aking kakayahan na makuha ang aking pagkamamamayan?** Ang pagkuha ng aborsiyon sa isang lugar kung saan ito ay legal ay hindi makakaapekto sa iyong katayuan sa imigrasyon. Ikaw o ang mga miyembro ng iyong pamilya ay hindi aatasan na magbahagi ng anumang impormasyon tungkol sa serbisyo sa aborsiyon na natanggap mo sa isang aplikasyon sa imigrasyon o pagkamamamayan. Ang pagtanggap ng aborsiyon sa isang estado kung saan ito ay legal ay *pangkaraniwang* hindi makakaapekto sa iyong katayuan sa imigrasyon, pero lagi kang dapat makipag-usap sa isang abugado sa imigrasyon tungkol sa iyong mga indibidwal na kalagayan.
- **Maaari ba akong maglakbay sa ibang estado para sa isang aborsiyon kung ako ay hindi dokumentado?** Oo, maaari kang maglakbay mula sa isang estado patungo sa ibang estado upang kumuha ng mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga aborsiyon. Kung ikaw ay naninirahan sa isang estado kung saan ang aborsiyon ay hindi legal, maaari kang pumunta sa isang estado kung saan legal ang aborsiyon upang kumuha ng pangangalagang pangkalusugan. Gayunman, ang mga panloob ng checkpoint ng Border Patrol at mga ahenteng nakabantay sa mga paliparan kasama ng mga TSA screener ay nag-aatas ng ayon sa batas na katayuan upang makadaan. Sinumang walang mga dokumento na nasa o malapit sa isang pandaigdig na hangganan ng U.S. at kailangang maglakbay para sa pangangalagang pangkalusugan sa lupa o sa himpapawid ay dapat munang kumunsulta sa isang abugado sa imigrasyon at saka, kung kailangan, sa isang organisasyon ng pagtataguyod. [Basahin ang gabay na ito para sa karagdang](#)

[impormasyon](#). Ang pinamamahalaan-ng-sarili na aborsiyon sa pamamagitan ng gamot ay maaaring maging panghalili sa paglalakbay, at ang karagdagang impormasyon ay kasama sa ibaba.

- **Ano ang gagawin ko kung hindi ko kayang magbayad para sa aborsiyon?** Maaari mong tawagan ang iyong klinika o sentro ng kalusugan upang malaman ang tungkol sa halaga ng isang aborsiyon. Ang iyong aborsiyon ay maaaring libre o mura kung ikaw ay may health insurance, pero ang ilang insurance plan ay hindi sumasaklaw sa mga aborsiyon. Maaari mong tawagan ang iyong insurance provider nang direktso upang magtanong tungkol sa pagsaklaw. Maaaring may mga tagatulong na nakahanda kung kailangan mo ng tulong sa pagbabayad para sa aborsiyon. Ang mga pondo sa aborsiyon ay kasalukuyang makukuha sa lahat ng 50 estado para sa sinumang nangangailangan ng tulong. Ang mga pondo sa aborsiyon ay **hindi** nagsusuri para sa katayuan sa imigrasyon o katunayan ng pagkamamamayan. Maraming pondo na nagkakaloob din ng suporta para sa mga serbisyong tulad ng paglalakbay at transportasyon, pagsasalin at interpretasyon, panunuluyan, pagbabayad ng pag-aalaga sa bata, at iba pa. [Humanap dito ng pondo sa aborsiyon sa iyong estado](#).
- **Makakuha ba ako ng pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga aborsiyon, sa aking wika?** Oo, ikaw ay may karapatang makipag-usap sa iyong doktor at tumanggap ng mga aborsiyon o ibang pangangalagang medikal sa isang wikang maiintindihan mo (kabilang ang sa pamamagitan ng isang interpreter).
- **Ano ang mangyayari kung ako ay hindi dokumentado at buntis, at may isang emerhensiyang medikal?** Maaari kang pumunta sa isang silid ng emerhensiya ng ospital at humingi ng tulong para sa emerhensiyang medikal, kahit na wala kang mga papel ng imigrasyon o hindi kayang magbayad para doon. Anuman ang mga batas ng estado, kung ikaw ay nakakaranas ng isang emerhensiyang medikal na nagbabanta sa buhay, ang isang silid ng emerhensiya ng ospital ay dapat magkaloob ng mga pangunahing serbisyong kailangan upang protektahan ang iyong kalusugan at kaligtasan – kahit na ikaw ay hindi dokumentado. Alinsunod sa [pederal na pamahalaan](#), ang mga pang-emerhensiyang serbisyong medikal ay kinabibilangan ng mga pamamahala ng pagkalaglag ng sanggol at pangangalaga sa aborsiyon sa ilang kalagayan. Gayunman, ang patakarang ito ay kasalukuyang sinasalungat sa pederal na korte. Ang mga ospital ay madalas na makakatulong sa iyo na mag-aplay para sa mga programa upang tulungan kang magbayad para sa pang-emehensiyang pangangalaga, mayroon ka mang mga papel sa imigrasyon o wala.
- **Ligtas bang humingi ng pangangalagang pangkalusugan kung ako ay hindi dokumentado?** Pangkaraniwan, oo. Ang mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas ng imigrasyon ay hindi pinahihintulutan na gumawa ng aktibidad ng pagpapatupad sa mga ospital, tanggapang medikal, at ibang “[protektadong lugar](#)” maliban sa masyadong bihirang mga kalagayan. Kung ikaw ay naninirahan sa o malapit sa isang lugar na hangganan, ang mga checkpoint at ibang pagpapatupad ay maaaring lumikha ng mga hadlang sa paglalakbay para sa pangangalagang pangkalusugan. Kung ikaw ay naninirahan sa mga lugar na ito, dapat mong kontakin ang isang organisasyon ng pagtataguyod o abugado sa imigrasyon para sa tulong.

- **Kailangan ko bang magpakita ng card ng pagkakakilanlan upang makakuha ng pangangalagang pangkalusugan?** Maaaring kailanganin mong magdala sa iyong appointment ng isang ID na may litrato at iyong petsa ng kapanganakan. Habang ang mga tagapagkaloob ng aborsiyon ay hindi magkakait sa iyo ng pangangalaga batay sa iyong katayuan sa imigrasyon, maaari silang humingi sa iyo ng isang ID na may litrato para sa mga dahilang pangkaligtasan at upang matiyak na ang mga ito ay katugma ng mga rekord na medikal sa tamang tao. Tiyakin na tawagan ang iyong tagapagkaloob ng pangangalaga bago ang iyong appointment upang kumpirmahin ang dapat mong dalhin.
- **Maaari ba akong gumamit ng gamot para sa aborsiyon?** Depende sa lugar kung saan ka nakatira at gaano katagal ka nang buntis ikaw ay maaaring kumuha ng pangangalagang [gamot para sa aborsiyon](#) mula sa isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa bahay o nang personal. Kung ang parmasya ng iyong sentro ng kalusugan ay hindi makapagbigay ng gamot na kailangan mo, maaari kang pumunta sa ibang mga parmasya. Alamin kung ang mga pildoras para sa aborsiyon sa bahay ay makukuha mo sa iyong estado, at paano mo makukuha ang mga ito: [Plan C Pills](#).
- **Maaari bang ako mismo ang mamahala sa aking aborsiyon nang walang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan?** Tinatapos ng ilang tao ang kanilang sariling mga pagbubuntis sa pamamagitan ng mga pildoras para sa aborsiyon. Ang mga pildoras para sa aborsiyon ay pangkaraniwang ligtas, pero maaaring may mga panganib na pambatas sa ilang estado. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pinamamahalaan-ng-sarili na aborsiyon ay matatagpuan [dito](#). Maaari ka ring makipag-usap nang kompidensiyal sa isang tagapagkaloob ng pangangalaga tungkol sa sariling pamamahala ng iyong aborsiyon [dito](#). Kung may mga tanong ka tungkol sa panganib na pambatas o kailangan ng karagdagang tulong na pambatas, ang Repro Legal Helpline ng If/When/How ay matatagpuan [dito](#).

### **MGA KARAGDAGANG TAGATULONG**

Ang mga bagay ay mabilis na nagbabago, at ang mga batas ay magkakaiba sa mga estado. Mangyaring gamitin ang mga karagdagang tagatulong na nasa ibaba upang manatiling nalalaman ang mga batas sa iyong estado at mga tagatulong sa iyo:



- [Mapa ng mga Patakarán sa Aborsiyon ng US](#) (Guttmacher Institute): Interaktibong mapa na may mga detalye, kabilang ang distansiya sa pagmamaneho patungo sa pinakamalapit na klinika ng aborsiyon.
- [Tagahanap ng Aborsiyon](#): Alamin ang mga opsyon sa aborsiyon na makukuha mo sa iyong estado. ([en Español](#))
- [Ineedana.com](#): Alamin ang mga opsyon sa aborsiyon na makukuha mo sa iyong estado. ([en Español](#))

- [National Network of Abortion Funds](#): Humanap ng lugar na makakatulong sa iyo makahanap at magbayad para sa halaga ng isang aborsiyon, kabilang ang pagtulong sa paglalakbay.
- [Direktoryo ng mga Serbisyong Pambatas ng Immigration Advocates Network](#): Gamitin ang kasangkapang ito upang makahanap ng libre o murang mga serbisyong pambatas sa imigrasyon sa iyong estado o county. (Makukuha sa Arabic, Chinese, English, Farsi, French, Haitian Creole, Hmong, Khymer, Korean, Russian, Spanish, at Vietnamese)
- [Plan C Pills](#): Alamin kung ang mga pildoras para sa aborsiyon sa bahay ay makukuha mo sa iyong estado, at paano maaakses ang mga ito. ([en Español](#))
- [ReproLegal Helpline](#) (If/When/How): Isang libre, kompidensiyal na pinagkukunan ng payong pambatas at impormasyon sa pinamamahalaan-ng-sarili na aborsiyon. Bisitahin ang [ReproLegalHelpline.org](#) o tumawag sa 844-868-2812. ([en Español](#), [简体中文](#)).
- [Glosaryo sa Aborsiyon](#) (NAPAWF): Ang tagatulong na ito ay nagtataglay ng mga salitang nakakatulong sa mga pag-uusap tungkol sa aborsiyon at kalayaang reproduktibo - tulad ng aborsiyon, sa katawan, at pagkakapantay-pantay sa kasarian - isinalin sa walong wikang Asyano. ([العَرَبِيَّة](#), [বাংলা](#), [ភាសាខ្មែរ](#), [简体中文](#), [繁體中文](#), [हिन्दी](#), [한국어](#), [Tagalog](#), [Tiếng Việt](#)).
- [Gabay sa Hindi Dokumentadong Imigrante na Naglalakbay sa Estados Unidos](#) (Immigrants Rising): Basahin ang patnubay na ito kung iniisip mo ang paglalakbay bilang isang hindi dokumentadong tao (mayroon o walang DACA) at interesadong malaman kung paano maglakbay nang ligtas.

Gusto ng NILC na bigyan ng pagkilala at pasalamatang ang Protecting Immigrant Families Community Education Working Group, If/When/How, ASISTA, at Chris Rickerd para sa kanilang mahahalagang kontribusyon sa tagatulong na ito.